



INILABAS NA BALITA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Mayo 14, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Lisa Fasano, 415.710.3505

Hinihingi ng Air District ng Bay Area sa EPA na muling suriin ang pamantayan sa hangin na may PM *Posibleng mas malaki ang epekto ng COVID-19 sa mga lugar na may mas mataas na particulate matter*

SAN FRANCISCO - Tinalakay ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District, BAAQMD), Santa Clara Valley Medical Center at Pampublikong Kalusugan ang agarang pangangailangan ng U.S. Environmental Protection Agency na muling suriin at i-update ang pamantayan sa pinong particulate na kilala bilang PM (Particulate Matter) 2.5.

Noong nakaraang buwan, inanunsyo ng U.S. Environmental Protection Agency na hindi nito susuriin muli ang Pambansang Pamantayan sa Kalidad ng Nakapaligid na Hangin para sa pinong particulate matter. Ang pagkilos na ito ay taliwas sa mga kamakailang pag-aaral sa kalusugan at agham pati na rin sa mga value na nasa alituntunin ng World Health Organization para sa kalidad ng hangin.

“Higit sa lahat, ngayon natin kailangang unahin ang pampublikong kalusugan kaysa sa pulitikal na partido,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang particulate matter ay ang salot sa mga pollutant sa hangin. Sa kabila ng kawalan ng aksyon ng pederal, kikilos kami at tutukoy ng mgaistratehiya para mabawasan ang pollutant na ito sa rehiyon ng Bay Area.”

Ang sariling Integrated Science Assessment ng EPA na may petsang Disyembre 2019 ay naglalaman ng napakaraming pag-aaral na tumutukoy sa PM 2.5 bilang matinding banta sa pampublikong kalusugan kung saan nakasaad ang pangangailangan para sa higit pang pag-aaral at pagpapababa ng pamantayan sa hangin para sa air pollutant na ito.

Ayon sa mga paunang pag-aaral, ang mga taong gumagaling mula sa COVID-19 ay posibleng mas madaling maapektuhan ang kalusugan mula sa mga kasalukuyang antas ng PM 2.5 sa hangin.

Magsusumite ng mga komento ang Air District ng Bay Area na humihiling sa U.S EPA bago ang Hunyo 29 na deadline kung saan irerekomenda sa ahensya na muling suriin ang pamantayan sa kalidad ng hangin na may PM 2.5. Ang mga komento kaugnay ng mahalagang pamantayang pangkalusugan na ito ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng email sa a-and-r-Docket@epa.gov at banggitin ang Docket ID No. EPA-HQ-OAR-2015-0072.

Maaaring humingi ng mga panayam na nasa Spanish, Mandarin, Cantonese at Vietnamese sa pamamagitan ng pagtawag kay Kristina Chu sa 415-519-5397.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)